REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MAMAMAYAN SA HILAGANG-KANLURAN NG LUZON

# DANGADANG

Oktubre 2021 | Taon 35 Bilang 6 | P10.00 | Ipasa Pagkatapos Mabasa

# SINGILIN AT WAKASAN ANG PASISTANG REHIMENG US-DUTERTE SA MGA KRIMEN NITO SA MAMAMAYAN!




Nagpapatuloy at tumitindi ang paghihirap ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng inutil, pasista at traydor na paghahari ni Rodrigo Duterte. Lalo pang nadagdagan ang pinapasang pagdurusa ng mamamayan sa lumalalang krisis ng bulok na malakolonyal at malapyudal na sistema sa pagragasa ng pandemyang Covid-19 sa buong bansa. Matindi ang naging pagbagsak ng ekonomiya dahil sa pagpapatigil sa mga pang-ekonomiyang aktibidad na nagdulot ng matinding pagkagutom at krisis sa kabuhayan ng mamamayan. Sa halip na magpatupad ng siyentipikong mga pamamaraang gaya ng malawakang *mass testing* at *contact tracing*, pagpapaunlad sa publikong sistemang pangkalusugan, pananaliksik at iba pang nararapat na hakbang, ipinaloob ng tirano ang mamamayan sa mga mapaniil na *lockdown* at pinaasa na bakuna lamang ang tanging solusyon. Ipinatupad ang mga *lockdown* nang walang paghahanda at sapat na ayuda para sa mga maaapektuhang mamamayan. Sa kabila ng bilyun-bilyong pondong inilabas sa ilalim ng Bayanihan 1 at 2, limos lamang ang natanggap ng mamamayang kumakalam ang sikmura. Batbat na nga ng anomalya, hindi pa nakaabot sa mas nakararaming masa. Nagpapatuloy ang pahirap ng pinatinding kontra-rebolusyonaryong gera sa kanayunan na binuhusan ng mas malaking pondo na nandarahas sa masa, kasabay ng pagkakalat ng mga dala nilang sakit.

Salungat sa ipinagmamalaki ni Rodrigo Duterte na 'better life,' lalo lamang isinadlak ng kanyang pasistang rehimen sa ibayong pagdurusa ang mamamayan. Sa loob ng ilang buwang naiiwan sa kanyang teroristang paghahari, wala siyang ibang pamana sa kanyang pagbaba sa puwesto kundi ang lalo pang pagsama ng krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Sa gitna ng kumukulong sitwasyon, higit na nalilinaw sa mamamayang Pilipino ang makatarungang mga batayan upang wasakin at palitan ang sistemang ito sa pamamagitan ng patuloy na pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

# Mas lalong bumagsak ang ekonomiya

Dito sa rehiyong Ilocos-Cordillera, lumala ang kahirapan ng maraming magsasakang dati nang palagiang hinahagupit ng mga pyudal at malapyudal na pagsasamantala at pang-aapi, magkakasunod na kalamidad at nitong pandemyang Covid-19.



## Sa mga gulayan ng Mountain Province, Benguet at Ifugao

Simula noong Abril 2020, ang panapanahong pagluluwag-higpit na pagpapataw ng nakakalitong kategorya ng *community quarantine* ay nag-resulta sa pagkakalugi o kaya'y pagkalubog sa utang ng maraming magsasaka dahil sa pagkabulok ng maraming gulay tulad ng *broccoli*, *cauliflower*, repolyo, sayote, *carrots* at patatas na hindi na naibiyahe. Halos 22,000 na magsasaka ang agad na naapektuhan dito, na karamihan ay galing sa Benguet. Ang mga gulay mula sa Cordillera ang pangunahing pinanggagalingan ng mga gulay na ibinebenta sa Central Luzon at Metro Manila. Kung mayroon mang limitadong naibibiyaheng produkto, problema naman ang pabagu-bagong presyo na minamanipula ng mga usurero at buwayang kartel sa bentahan ng gulay. Noong Agosto 2020, sumadsad sa ₱1.00 bawat kilo ang kamatis na ibinebenta sa La Trinidad, Benguet at ₱2.00/kilo naman sa Nueva Vizcaya Agricultural Terminal noong Abril 2021. Nag-*viral* din sa *social media* ang pagtatapon ng mga nabulok na kamatis at *carrots* nitong Setyembre dahil sa sobrang baba ng presyo. Sa Kabayan, Benguet na pinagmumulan ng 85% ng mga *cauliflower* at *broccoli* nitong Hulyo, umabot sa ₱123.7 milyon ang mga nasirang tanim dahil sa mga tuloy-tuloy na pag-ulan at pagkasira ng impraistruktura. Sa kabila ng ganitong kalagayan, walang hakbang o tulong ang gubyerno upang tugunan ang mga problema ng mga magsasaka sa mga gulayan. Imbes na tulungan sa pamamagitan ng mga subsidyo at


**DANGADANG**

REBOLUSYONARYO A DYARYO TI UMILI ITI AMIANAN-LAUD A LUZON

Ang *Dangadang* ay rebolusyonaryong dyaryo sa Hilagang-Kanlurang Luzon sa patnubay ng **Partido Komunista ng Pilipinas**. Inihahayag dito ang mga balita sa mga aksyon ng Bagong Hukbong Bayan at pakikibaka ng mamamayan gayundin ang pagsusuri sa mga isyung kinakaharap ng mamamayan.

Bukas ang *Dangadang* sa anumang tanong, puna, mungkahi, koresponsal at pangkulturang likha upang mapaunlad ang nilalaman.

Pagtulungan nating paunlarin ang *Dangadang*. Ang sampung pisong halaga ng dyaryo ay malaking tulong upang suportahan ang pagpapatuloy ng paglabas nito.




kagamitan, isinasangkalan pa ng reaksyonaryong gobyerno ang kakulangan ng suplay at ang kalidad ng mga gulay upang bigyang-katwiran ang importasyon at ipuslit ang mga *smuggled* na mga gulay galing sa China at Taiwan. Sa kabila ng kanilang pagkalugi, pinagsikapan ng mga gardinero sa Cordillera na makapagbigay ng trak-trak na produktong gulay para tumulong sa mga mamamayang nasalanta ng pag-aalburoto ng Bulkang Taal noong 2020 at maging sa mga inisyatibang *community pantry.*

---

## Sa bahaging palayan ng rehiyon

Bago pa man ang pandemya, unang sinalanta ang mga magsasaka at manggagawang-bukid sa mga palayan nang maipatupad ang Rice Tariffication Law, Pinalubha pa ito ng mga magkakasunod na kalamidad at peste. Sa syudad ng Tabuk na tinatawag na 'rice granary' ng Cordillera, bumagsak ang presyo ng palay sa ₱9 bawat kilo mula sa dating sadsad na presyong ₱11 bawat kilo. Nitong Setyembre 2021, naapektuhan ng pesteng *brown leaf hoppers* ang 250 ektarya na mga palayan sa Tabuk City, Kalinga. Sa Apayao, may mga palayang nasalanta ng tungro (*virus* ng palay). Bumagsak naman ng 10.4% ang presyo ng palay sa Ilocos dahil rin sa pagbaha ng mga imported na bigas sa merkado. Sa Bauang, La Union ay bumagsak ng 54% ang presyo ng palay mula sa dating ₱22/kilo na naging ₱12-16/kilo.

Hindi lang bagsak ang presyo ng palay kundi bagsak rin ang produksyon dahil sa pagdating ng mga kalamidad tulad ng mga tuloy-tuloy at matagalang mga pag-ulan, bagyo at tagtuyot.




*larawan mula sa facebook*




*wakeboarding sa rice terraces ng Ifugao*

Noong Nobyembre 2020 na paghagupit ng bagyong Ulysses sa Hilagang Luzon, umabot sa ₱3.4 bilyon ang nasira sa agrikultura sa Cordillera at katabing Cagayan Valley, kung saan ay 7,333 na magsasaka ang naapektuhan. Halos 760,873 metriko tonelada ng palay ang halaga ng nasirang mga bukirin habang ₱368 milyon naman ang halaga ng mga nasirang mais at ₱27.3 milyon naman sa mga alagang hayop. Maraming mga irigasyon sa iba't ibang bahagi ng Ilocos at Cordillera na nasira pa noong panahon ng bagyong Ompong at Lawin ang hindi pa nakukumpuni hanggang ngayon. Sa Lacub at Tubo, Abra, kakulangan ng irigasyon ang isa sa mga dahilan kung bakit hindi nila kaya ang dalawang beses na pagtatanim ng palay sa isang taon. Nitong kadadaan lamang na bagyong Maring, sa mga paunang ulat pa lamang ₱1.2 bilyon ang halaga ng kabuuang nasira sa agrikultura sa Cordillera, sa Ilocos Sur ay ₱671 milyon ang halaga ng nasira sa agrikultura kasama ang mga naanod na mga hayop, isda sa mga palaisdaan. Aabot din ng ilang milyon ang pinsala sa La Union.

Kung mayroon mang tulong para sa mga magsasaka, hindi ito pangkalahatan, napakaliit ng bilang ng nakabenepisyo at puno ng katiwalian. Umaabot lamang sa ₱15,000 ang maaaring utangin ng mga magsasaka sa Rice Competitiveness Enhancement Fund *credit facilities* samantalang kulang-kulang ₱20,000 ang kailangan ng magsasaka sa abono at pestisidyo pa lang para sa isang ektaryang palayan. Kung may mga binhi at kagamitang ipinapamahagi, iilang magsasaka lamang ang nakakatanggap dahil ang karamihan ay naipamigay sa mga pekeng organisasyon o sa mga indibidwal na hindi naman pala magsasaka. Sa ibang lugar sa Ilocos, nanggagaling sa RA 7171 o *excise tax* sa tabako ang kakaunting tulong na ibinibigay ng mga lokal na gubyerno sa mga magsasaka. Ang mga proyektong gaya ng 'heirloom rice' at preserbasyon ng mga 'heritage sites' na mga payaw sa buong Cordillera ay nakatuon naman sa turismo. Imbes na itaguyod ang pagpapaunlad sa agrikultura bilang kabuhayan ng mamamayan, ginagawa itong atraksyon at pang-engganyo sa mga turista.

## Sa mga kamaisan na GMO o Bt Corn ang binhing itinatanim

Bumagsak ang presyo ng mais mula nang magpataw ng *lockdown* at dahil sa pinsala ng African Swine Fever (ASF) sa mga alagang baboy. Maraming mga *feed mills* ang nagbawas ng produksyon o kaya'y hindi bumili ng produktong mais ng mga magsasaka. Dagdag pa rito ang pagtama ng kalamidad – bagyo, baha, at tagtuyot. Sumadsad ang presyo ng mais sa ₱9 – ₱10.00 ang bawat kilo. Maraming mga magsasaka na nagtanim ng GMO na mais ang nalugi. Bumagsak sa 36% ang produksyon ng GMO na mais na katumbas ng 23,722 metriko tonelada pangunahin sa probinsya ng Ifugao at Apayao. Ang pinagpawisan ng mga magsasaka sa maisan ay halos buo-buong napupunta sa mga imperyalistang agri-korporasyon na may-ari ng binhi, abono, *herbicide*, at mga usurerong *supplier* o *financier* na pinagkakautangan ng mga magsasaka at mga may-ari ng iba pang kagamitan sa produksyon. Halimbawa sa Kabugao, Apayao, umaabot sa ₱2,250 sa bawat 3,000 kilo ng mais ang ibinabayad ng bawat magsasaka sa mga pumapasok na buyer para sa pamasahe ng kanilang produkto. Mas lalong hindi makabayad ang mga magsasaka sa kanilang utang dahil dito. Hindi naman maipakain sa kanilang mga pamilya ang Bt corn dahil nakakapinsala sa kalusugan ng tao. Kung may mga nakatanggap man ng ayuda sa korap na gubyernong Duterte, iilan lamang at puno pa ng anomalya. Sa Mountain Province halimbawa, sa kabila ng katotohanang ang pinakamalaking prodyuser ng Bt corn ay ang munisipyo ng Paracelis, namigay ang DA ng ayudang aabot sa ₱3,000 sa mga piling benepisyaryo sa Sagada. Kinuwestyunan mismo ito ng mga taga-Sagada dahil hindi naman magsasaka ng mais ang mga nabenepisyuhan. Hindi kataka-taka kung bakit maraming magsasaka ang tumigil na sa pagtatanim ng *hybrid* o GMO na mais at nagpalit-tanim o kaya'y naghanap ng ibang pagkakakitaan.

### KITA at GASTOS NG DALAWANG MAGSASAKA SA PAGTATANIM NG GMO NA MAIS SA APAT NA BUWAN

Sa isang ektaryang lupa

**Ani:** 43 sako* x 60 kilo bawat sako x P13 bawat kilo = P33,540.00

**Utang:** P5,500 binhi + P2,000 abono = P7,500

**Interes:** 100% = P7,500

**Pagkain*:** P3,270 (3x - pagpapatanim, pagani at pagbilad)

**Herbicide:** P2,400 2 gallons Clear-out

**Renta:** P2,580 (thresher) P15/can x 43 sacks; P470 pagkain ng operator

**Biyahe:** P800




| | |
|---|---|
| KABUUANG BENTA: | P33,540.00 |
| KABUUANG GASTOS: | P27,520.00 |
| NETONG KITA NG 2 MAGSASAKA: | P6,020.00 |
| NETONG KITA NG BAWAT ISA: | P3,010.00 |

*1 - maliit ang ani dahil tinipid ang paggamit ng abono
*2 - walang gastos sa pagpapasahod dahil mayroon pang tradisyunal na tulungan o alluyon sa lugar

### *Genetically Modified Organism (GMO)*

*Ang GMO ay pagbabago sa katangian ng isang butil o ang "gene" nito para sa maramihang produksyon. Ang* **Bacillus thuringiensis (Bt)** *ay isang klase ng bakterya na inilagay mismo sa butil bilang pestisidyo na panlaban sa insekto na "corn borer" na sumisira sa mais at ibang pananim na tulad ng bulak at soya beans. Kaya ang GMO na mais ay tinatawag na Bt Corn.*

*Sa pamamagitan ng monopolyo sa binhi at kalakip nitong teknolohiya (maramihang paggamit ng mga kemikal na abono at pamatay damo), nagkakamal ang mga imperyalista sa agro-kemikal ng limpak-limpak na ganansya. Sa kabila nito, nababaon sa utang ang mga magsasaka dahil sa malaking gastusin at dagdag pa ang pagsasamantala ng mga komersyante-usurero.*

### *Mga agro-korporasyon na kompanya*

DOW, Agrium, MONSANTO, BAYER, PotashCorp, DUPONT, CHEMCHINA, syngenta

## Sa tabakuhan ng Ilocos


Bumagsak ang presyo ng tabako ng ₱24.00-₱38.00 bawat kilo ngayong taon mula sa dating ₱120 noong nakaraang taon ay naging ₱82-96/kilo para sa Virginia Grade AA. Lugi na, pinalubha pa ng kalamidad ang kalagayan. Dahil sa mga tuloy-tuloy na pag-ulan mula Enero hanggang Pebrero nitong taon, halos 1,500 na magsasaka sa buong Ilocos Sur ang nalugi. Sa buwan pa lamang ng Enero, tinatayang 1,132 ektarya ng tabako ang nasira, na sa unang taya ng NTA ay nagkakahalaga ng halos ₱81 milyon. Luging-lugi na ang magsasaka, laluna at nangangailangan ng halos ₱108,000 hanggang ₱143,600 na puhunan para sa isang ektarya ng tabako. Di pa kasama dito ang halos ₱37,000-₱47,000 na halaga ng sariling paggawa ng magsasaka at ng kanyang pamilya, at mga gastos sa pagkain. Sa mga munisipyo ng Bauang, Aringay at Caba sa La Union, halos 90% ng mga puno ng tabako ang nasira dahil sa tuloy-tuloy na pag-ulan. Ngunit napakaliit na *emergency cash assistance* ang ibinigay ng NTA na umaabot lamang ng ₱2,000 bawat magsasaka ng tabako.



mga nasirang tabako sa Ilocos

## Sagingan

Dahil sa mga *lockdown*, maraming mga magsasaka ang hindi nakapagbenta ng kanilang mga produktong saging. Mabilis rin ang pagbabagu-bago ng presyo ng saging. Sa kabila ng mataas na presyo ng saging pagdating sa mga syudad sa Central Luzon o National Capital Region, mababa pa rin ang presyo ng pagbili ng mga *buyer* sa mga magsasaka. Nitong Setyembre, mula sa dating per 100 piraso ang bentahan, nabago ito tungo sa per kilo. Ang dating presyong ₱ 90.00 sa bawat 100 piraso, tumaas tungo sa pagitan ng ₱18-₱22 bawat kilo ng lakatan ang pagbili sa mga magsasaka sa ilang bahagi ng Cordillera. Kaya sa bawat 100 na piraso (katumbas ng 10 kilo sa latundan at 20 kilo sa lakatan) ay may ₱270-₱350 na pagtaas. Malaking ginhawa sana sa mga magsasaka sa sagingan ang ganitong pagtaas ng presyo. Pero iilang kilo lamang ng aning saging ang nabebenta dahil sa higpit ng mga restriksyon




sa pagbibiyahe, limitado rin ang binibili ng mga buyer. Problema rin ang paglaganap ng *virus* sa mga sagingan. Dahil hindi naman maibenta lahat, ipinapakain na lamang sa mga alagang baboy ang mga pinitas na saging.



*Bunchy tops (tungro) sa saging*

## Pag-aalaga ng baboy

Pandemya sa tao, peste namang African Swine Fever (ASF) ang tumama sa mga alagang baboy ang naidagdag na pagdurusa sa mga magsasaka sa rehiyon. Lugi ang mga nag-aalaga at nawalan ng trabaho ang maraming mga manggagawa sa mga babuyan, *slaughterhouse* at mga negosyante sa palengke. Sa mga munisipyo ng Bauang, Balaoan, Agoo, Aringay at syudad ng San Fernando City sa La Union, malaki ang lugi ng bawat magsasaka sa bawat baboy na natamaan ng ASF. Sa Ilocos Sur, nananatiling *red zone* ang limang bayan dahil sa ASF na ikinamatay ng maraming baboy. Kabilang sa mga ito ang Santa Lucia, Sta. Cruz, Tagudin, Suyo at Sugpon. Noong Hunyo 29, halos 1,609 na baboy ang nagkasakit ng ASF ang pinatay sa Solsona, Ilocos Norte. Apat na barangay sa nasabing munisipyo at katabing Dingras ang nagrehistro ng mataas na bilang ng mga baboy na may ASF. Sampung munisipyo rin sa Benguet ang nagrehistro ng maraming bilang ng baboy na nagkasakit ng ASF. Maski ang mga baboy ramo sa gubat na dagdag sanang panggagalingan ng karne at kita ng mga katutubo ay nagpositibo sa ASF, tulad ng 127 na baboy ramo na natagpuang patay sa pagitan ng Abra at Kalinga noong Marso 2021. Maging sa mga munisipyo ng Kabugao at Conner sa Apayao ay may mga naiulat na kaso ng mga baboy-ramong namatay sa gubat at mga alagang baboy na nagkasakit ng ASF mula Disyembre 2020 hanggang Enero 2021. Nagdeklara ng *state of calamity* ang probinsya ng Abra dahil sa ASF ngunit wala namang natanggap na ayuda ang mga magsasaka. Sa inisyal na datos mula sa limang barangay ng isang bayan sa Abra, 320 pamilya na may alagang dalawa hanggang tatlong baboy ang naapektuhan sa utos ng DA na *compulsory depopulation* o pilit na pagpatay ng mga alagang baboy sa mga lugar na may mga impeksyon ng ASF. Tinatayang ₱6.4 milyon ang nawalang kita sa mga nasabing pamilya dahil dito. Ang pangakong ₱5,000 ng DA na ayuda para sa mga nag-aalaga ng baboy ay nanatiling pangako. Sa Kalinga, hindi naibigay ang ₱5,000 na ayuda (para sa isang biik at isang sako ng *feeds*) sa mga magsasakang nag-aalaga ng baboy. Mayroon pang karanasan ang masa na dinala nila sa munisipyo ang kanilang mga baboy para sana mabakunahan laban sa sakit pero agad na pinatay dahil nahawaan daw ng ASF, wala silang nakuhang bayad o ayuda pagkatapos.



### *African Swine Fever (ASF)*

*Ang ASF ay* **virus** *(asfarvirus) at kaiba sa togavirus na sanhi ng* ***hog cholera*** *(swine fever).*

*Ang ASF ay* **hindi mapanganib sa tao** *pero pumapatay ng nga alagang hayup at baboy damo. Wala pang* **bakuna** *laban dito.*

***Mataas ang resistensya*** *ng virus sa kapaligiran at kahit ito ay* ***naproseso*** *na gaya ng mga imported na mga karne at mga nakalata.*

***Nabubuhay*** *ito sa mainit, pagkabulok, pag-papausok, hindi gaanong luto, at pagkatuyo at nabubuhay ng hanggang 6 na buwan sa malamig (frozen) na karne ng baboy. Ang panahon ng* ***pagdami ng virus ay 5 hanggang 15 na araw.***



*larawan mula sa facebook*




## Pang-aagaw sa lupain ng mga magsasaka at pambansang minorya sa rehiyon

Maliban pa sa mga problemang nabanggit sa itaas, banta sa kabuhayan ng mamamayan ang pagtatayo ng mga mapanirang proyekto sa iba't ibang bahagi ng Cordillera. Sa Kalinga, Apayao at Ifugao, patuloy na itinutulak ng traydor na rehimen ang mga mapanira at mapang-agaw na proyektong *hydropower electric projects* na pinondohan ng mga dayuhang utang sa harap ng mariing pagtutol ng mga magsasaka at apektadong mga komunidad. Ilan sa mga ito ay ang Gened Dam sa Apayao, Alimit Dam sa Ifugao, Binongan Dam sa Abra at serye ng mga dam sa mga ilog ng Chico, Pasil, Tanudan at Saltan sa Balbalan. Mga mapanirang proyekto ito na maglulubog sa mga komunidad at sakahan at magkakait sa kabuhayan ng libo-libong mamamayan ng Cordillera.

---

## Mangingisda

Malaki rin ang nalugi sa mga mangingisda sa La Union dahil sa pagbabawal ng gubyerno na magbiyahe ng mga huling isda. Mula sa dating ₱250-300 bawat araw ay bumagsak sa ₱100-150 ang kanilang arawang kita. Marami ang lubog sa utang. Hindi sila nakatanggap ng anumang ayuda mula sa gubyerno.



## Presyo ng langis

Mas matindi ang epekto ng lingguhang pagtaas ng presyo ng langis dahil ito ang humihila ng pagtaas ng presyo sa lahat ng mga bilihin.

## Turismo at iba pang pinagkukunan ng dagdag na kita

Sa Baguio City, Sagada, Banaue, Ilocos at iba pang mga lugar na pangunahing nakaasa sa turismo bilang panggagalingan ng inkam, bumagsak ang kanilang ekonomiya dahil sa mga naipataw na *lockdown* at paglaganap ng Covid-19. Maraming nagsarang mga pasilidad at apektado ang mga maliliit na negosyante. Gayundin ang kaugnay nitong sektor ng transportasyon gaya ng bus, van, motor, taxi at iba pa. Sa Mountain Province, nawalan ng dagdag na panggalingan ng kita ang mga magsasakang panapanahong nakiki-arawan sa turismo bilang *tour guides*, o empleyado, taga-*repair* at *maintenance* sa mga *hotel*. Nagkaroon rin ng mga tanggalan sa mga *hotel, restaurant* at iba pang mga negosyo sa Baguio City at katulad na mga *tourist sites* sa Cordillera.

Apektado ang iba pang pinagkukuhanan ng dagdag na kita ang mga magsasaka dahil sa mga ipinataw na *lockdown*. May mga ilang *small-scale mining areas* sa Cordillera ang temporaryong nai-*lockdown* dahil may mga naitalang kaso ng Covid-19. Kung may ilang mga minerong nakakaipon ng ilang gramong ginto, hindi naman makatwiran ang pagtaas-baba ng presyo. Sa mga SSM areas na namimili ng bultuhang suplay, sobrang mahal naman ng bilihin kapag ibinenta na sa mga minero at iba pang konsyumer.

Sa Mountain Province, tuloy-tuloy ang pagpapatigil sa mga maliliit na minahan, panghuhuli sa mga maliliit na ragadero, pagbabawal na magkaingin at gumawa ng mga bagong bukid, gayundin ang pagdedeklara sa mga komunal na lupain ng mamamayan na pinanggagalingan ng dagdag na kabuhayan bilang 'protected area.'

## Epekto sa mga manggagawa at mala-manggagawa

Sa mga syudad at sentro ng rehiyon, maraming nawalan o nabawasan ang kita. Dahil sa mga naipataw na mga alituntunin kaugnay sa *physical distancing* at *lockdown*, nalimitahan ang mga pasaherong maaaring isakay ng mga *jeep* at *tricycle* kaya lumiit o nawala ang kanilang arawang kita noong Marso-Mayo 2020. Halos 9,253 na drayber sa Cordillera ang nabawasan ng kita, habang 89,416 na *for hire* na mga drayber at *operator* ang pinagbawalang magbiyahe sa Ilocos. Umabot naman sa 500 na manggagawa ng *bus line* na PARTAS na pag-aari ni Chavit Singson ang natanggal sa trabaho. Karamihan sa mga ito ay mga drayber at konduktor ng bus.

Maraming mga manggagawa sa mga malalaking kumpanya ng minahan tulad ng Lepanto Consolidated Mining Corporation, Philex Mining Corporation, Benguet Consolidated, Inc., at Apex Mining Corporation ang naapektuhan ng Covid-19 at mga restriksyon. Hindi sila nabigyan ng karampatang ayuda at tulong pangkalusugan.

Dahil sa mga *lockdown* dahil sa Covid-19, maraming mga proyektong pang-impraistruktura ang nasuspindi o naipatigil. Nagdulot ito ng pagkawala ng trabaho ng maraming mga karpintero at mga manggagawa sa konstruksyon. Gayundin na ang mga maliliit na negosyo o tinatawag na mga Medium-Small Scale Enterprises (MSMEs) ay malaki ang naging pagkalugi. Dahil sa matinding kawalan ng trabaho at kabuhayan, may mga taga-Ilocos at Cordillera na nagtrabaho sa mga syudad at sentrong bayan ang nagsibalikan sa kanilang mga probinsya upang magsaka.

Sa loob ng dalawang taon ng pandemya, iilan lamang ang nakatanggap ng tulong mula sa Department of Labor and Employment sa ilalim ng TUPAD (Tulong Panghanapbuhay sa Ating Displaced Workers) *program*. Sa isang bayan sa Cordillera, umabot lang ng ₱250 bawat araw sa loob ng 15 na araw na pagpapatrabaho ang natanggap ng bawat isa sa 40 katao sa bawat tinukoy na barangay na benepisyaryo ng DOLE. Tinatayang nasa ₱3,750 ang natanggap ng bawat isa sa loob ng 15 na araw, na malayong kulang upang mabuhay ang isang pamilyang may 4 katao.

# Bagsak na sistema ng kalusugan

Umigting ang matagal nang krisis sa sistema ng kalusugan sa paghagupit ng pandemyang Covid-19. Dahil matagal na napabayaan ang serbisyong pangkalusugan, hindi nakahandang harapin ang mabilis na pagkalat ng pandemyang Covid-19 at ang iba't ibang *variant* na tulad ng Alpha, Beta, Delta at Lambda. Hindi na makayanan ng mga ospital ang araw-araw na tuloy-tuloy na paglaki ng mga kasong hinaharap. Sa Baguio City noong Abril, halos 102 na kaso ng nagpopositibo sa Covid-19 ang nakukumpirma at 2 katao ang namamatay bawat araw. Sa Ilocos Sur naman, umaabot na sa 75% ng mga pasilidad pangkalusugan sa rehiyon tulad ng mga Provincial Health Units at *district hospitals* ang umaapaw sa mga pasyente. Nagrehistro rin ang Cordillera ng 68.52% *occupancy rate* sa mga ospital. Sa Baguio City mismo, nagamit pati ang mga hotel tulad ng Eurotel Hotel at Ferioni Apartment bilang dagdag na *isolation facility* dahil punung-puno na ang Covid *ward* ng mga ospital dito. Halos tatlong araw ang ipinaghihintay ng isang pasyente upang malaman ang resulta ng kanyang *testing* dahil kailangan pang dalhin ang resulta sa iilang laboratoryo sa Baguio City, Tabuk City, San Fernando City sa La Union at Tuguegarao City.

Sa paglaganap ng pandemya, ang mga manggagawang pangkalusugan ang sektor na nasa harapan ng paglaban sa Covid-19. Araw-araw ay hinaharap nila ang panganib na mahawaan ng sakit. Napupuwersa silang magtrabaho ng mahabang oras kahit na hindi sapat ang gamit proteksyon tulad ng *personal protective equipment* (PPE) - *face masks, face shields, goggles*, N95 *masks, shoe covers* at iba pa. Isinusugal na nga ang buhay upang gawin ang tungkulin nilang alagaan ang mamamayan, hindi naman ibinibigay ng estado sa kanila ang sapat na sweldo at mga benepisyong gaya ng *hazard pay, special risk allowance, transportation, accommodation, meal allowance* at iba pa. Sa Kalinga, umaabot lamang sa mahigit ₱12,000 ang sweldong tinatanggap ng mga kontraktwal na nars na nagtatrabaho sa mga Rural Health Units (RHU) bilang *job order*. Ang karaniwang sinasaklaw ng isang *nurse* o *midwife* ay tatlo hanggang limang barangay. Sa kabila nito, hindi wastong nagagamit ang nailalaang pondo sa Department of Health para sa pagtugon sa Covid-19 at benepisyo ng mga manggagawang pangkalusugan. Sa ulat na inilabas ng Commission on Audit (COA), natuklasan ang halos ₱101.34 bilyon na hindi nagamit, hindi wastong nagamit at sobra ang gastos. Kasama sa mga hindi nagamit na pondo ang halos ₱11.9 bilyon na pondong para

**"NAPAKABABA NG *PERFORMANCE* SA *CONTACT TRACING* SA BUONG BANSA DAHIL SA MALIIT NA BADYET PARA PANGSWELDO SA DAGDAG NA *CONTACT TRACERS*."**



*contact tracing czar at Baguio Mayor Benjamin Magalong*

sa *risk allowance* at *hazard pay* ng mga manggagawang pangkalusugan na hindi nagamit, ₱24.6 bilyon na para sa pagbili ng 6.5 milyon na *test kits* at ilang bilyong para sa pagtatayo ng dagdag na pasilidad, pagkuha ng mga bagong gamit medikal at pampublikong serbisyo sa kalusugan. Natuklasan rin ang pagbili ng mga *overpriced na face mask* mula sa *supplier* na Pharmally. Sa kabila ng mga maliwanag na korapsyon at kapalpakan ni Sec. Duque, todo-depensa pa rin si Rodrigo Duterte sa paborito nitong kasing korap na kalihim.

Kakaunti ang bilang ng mga manggagawang pangkalusugan na nag-aalaga sa mga mamamayan ng buong rehiyon. Sa datos ng Regional Development Council sa Ilocos noong 2019, ang saklaw ng serbisyo ng isang doktor ay 27,892 katao. Malayo ito sa target ng DOH na 1 doktor sa bawat 20,000 katao. Ang 1 nurse ay nagseserbisyo sa 5,712 katao. Ang isang dentista naman ay nagseserbisyo sa 61,961 a katao. Sa mga lugar sa rehiyon na malayo sa kalsada, mabibilang sa daliri ang mga beses na binisita sila ng doktor o *nurse*. Sa mga Barangay Health Workers na sumusubaybay sa mga kaso ng Covid-19 sa kanilang barangay, kasama sa pag-*man* sa *border checkpoint* at nagbabantay sa mga naku-*quarantine*, kulang ang naibibigay sa kanilang PPE - *face masks, face shield* at iba pang gamit pamproteksyon. Swerte na lang sa ilang baryo na nakatanggap ng *relief pack* ang BHW bilang mga *frontliner* na may kasamang tigtatatlong pirasong *face mask* at *face shield.* Halimbawa sa isang barangay ng Kalinga, ang tinatanggap lamang ng isang BHW na *honorarium* ay ₱3,000 bawat *quarter*, kaya sa isang taon ay ₱12,000 lamang ang kanilang natatanggap. Espesyal na kaso sa buong rehiyon ang minsang nangyari sa isang barangay sa Apayao na kung saan inasikaso mismo ng doktor at *nurse* ang 11 katao na na-*quarantine* dahil may positibong impeksyon sa baryo. Iilang baryo lang sa buong rehiyon ang nagkaroon ng *mass testing* at *contact tracing.*

Sa kakulangan ng pondong ibinibigay ng gubyerno sa mga lokal na gubyerno para sa kalusugan, nananatiling kulang at atrasado ang mga pasilidad sa maraming bahagi ng rehiyon. Sa Abra, dahil walang kakayahan ang mga ospital na mag-asikaso ng mga pasyenteng may Covid-19 ay dinadala sila sa San Fernando o sa Baguio City para doon gamutin.


1 doktor = 27,892 katao



1 nurse = 5,712 katao


1 dentista = 61,961 katao

Frontliners sa rehiyon ng Ilocos (DOH 2019)

# Kontra-mamamayan ang *blended learning*

Kasabay ng mga ipinataw na restriksyon, ipinatupad ang *blended learning* na moda ng edukasyon sa buong bansa. Ganansya, hindi ang pagkatuto ng mga estudyante ang diin ng iskemang ito. Pangunahing kumita dito ang mga kumpanya ng *telecommunications* at mga nagmamanupaktura ng mga *gadgets*. Sa isang taong implementasyon nito, napatunayang palpak, di epektibo at walang makabuluhang natutunan ang mga estudyante sa nasabing iskema. Pabigat din ang pamamaraang ito na ipinabalikat sa mga magulang na araw-araw ay naghahabol ng panahon sa paghahanap-buhay at karamihan ay walang sapat na kakayahan upang ituro sa kanilang mga anak ang mga aralin sa *module*. Bumigat rin ang trabaho ng mga guro dahil maliban sa paggawa ng mga *modules*, sila rin ang pangunahing abala sa pag-iimprenta at pagdadala nito sa kanilang mga estudyante. May mga pagkakataon pang sinasagot nila ang gastusin para dito kung nahuhuli ang pagdating ng badyet mula sa DepEd. Dahil karaniwang mabundok ang mga interyor na barangay sa Cordillera, maraming mga lugar ang wala o sira ang mga kalsada, malayo ang nilalakad ng mga guro mula sa sentrong bayan upang makarating sa kanilang pinagtuturuang lugar laluna sa panahon ng tag-ulan. Maraming liblib na lugar rin ang wala o hindi istable ang signal ng *internet*. Dagdag pa nilang trabaho ang pinapagawa ng Department of Education na *online videos* para sa mga estudyante sa *online learning*. Sa pagbubukas ng pasukan nitong taon, parehong problema sa nakaraang taon pa rin ang binabalikat ng mga guro. Hindi nila natanggap ang mga pangakong *hazard allowance,* dagdag badyet sa *internet*, bayad sa *overtime*, *computer*, *tablet* at iba pang kinakailangang *gadget*. Bagamat ti-nuturing din silang mga *frontliner*, marami sa kanila ang hindi pa nababakunahan. Ngunit sa kabila nito, nananatiling mababa at di sapat ang kanilang sweldong natatanggap. Sa ilalim ng Salary Standardization Law 5 (SSL 5), ang mga bagong pasok na guro ay tatanggap ng Salary Grade 11 o katumbas ng ₱21,000. Umaabot lamang sa ₱1,562 na buwanang pagtaas ang ibinigay ng rehimen sa mga guro sa loob ng SSL 5, o katumbas ng ₱52 bawat araw.




Cordillera People's Democratic Front
Mountain Province

# Militaristang mga hakbang

Noong pumutok ang problemang pangkalusugan sa huling bahagi ng 2019 na nagsimula sa Tsina at napapabalita na ang pagdami ng kaso ng Covid-19 sa buong mundo, minaliit ng manhid na si Rodrigo Duterte ang panganib ng pandemya. Hanggang sa kanyang katapusang SONA, ang pandemya ang sinisisi niya sa pagbagsak ng ekonomiya. Hindi nito inamin ang kanyang kriminal na pananagutan sa paglaganap ng COVID sa bansa sa pagpapabaya sa kapakanan ng taumbayan sa patuloy na pagpapasok ng mahigit 500,000 na turistang Chinese at paglalarga ng malayang paglabas-pasok sa Pilipinas ng mga sugarol na tagapamahala at kawaning Tsinong nagpapatakbo ng mga pasugalan (na tinawag na *offshore gaming operations*). Ngunit nang magkaroon na ng unang kaso ng Covid-19 sa Pilipinas, padalus-dalos nitong ipinataw ang *lockdown* noong Marso 2020. Walang kaukulang paghahanda ang inutil na gubyerno kung paano tutugunan ang pangangailangan ng mamamayan.

Ginamit ng rehimen ang pandemya upang ipataw ang paghaharing militar sa buong bansa. Namayagpag ang kanyang hunta ng mga heneral na umaktong *anti*-COVID *task force* at itinuring na krisis sa panloob na seguridad ang COVID-19. Armadong pwersa ng AFP at PNP ang pinakilos ng utak-pulburang Duterte sa pagharap sa krisis pangkalusugan sa Pilipinas, hindi ang mga ekspertong medikal. Malaking kabalintunaan ang pinangangalandakan nitong pagturing sa mga *healthworker* bilang *frontliner* sa gera laban sa COVID. Hindi pagsaayos at pagmodernisa ng mga pangkalusugang pasilidad at pag-armas sa mga *healthworker* kung paano labanan ang COVID at matiyak ang pangangalaga ng pampublikong kalusugan ang inuna nito. Sa halip na mga modernong medikal na mga aparato, mga laboratoryo, at todong suporta sa abanteng pananaliksik sa paglaban sa *virus* at pagtuklas ng mga gamot, bilyon-bilyong mga pangbombang eroplano, modernong helikopter at iba pang mga kagamitang pandigma ang dumating. Imbes na mga doktor at nurse ang ipwesto sa mga *checkpoint*, militar at pulis ang ginamit upang kontrolin ang kilos ng mamamayan. Ang umandar na makinarya ni Duterte ay hindi para iligtas ang buhay ng mamamayan laban sa pandemya, kundi makinarya sa panggigipit, pagpatay at lalong pagpahirap sa mga mamamayang pinagkaitan ng ikabubuhay. Sa tuloy-tuloy na pagtaas ng kaso ng Covid-19 sa buong bansa sa taong ito na umaabot sa mahigit 20,000 bawat araw, napatutunayang hindi *lockdown* ang solusyon upang maampat ang pagkalat ng pandemya. Sa buong mundo at sa South East Asia, pinakahuli ang Pilipinas sa pagtugon sa Covid-19 at pagbawi ng ekonomiya. Ang mga ito ang malinaw na patunay sa kapalpakan ng rehimen sa harap ng dalawang taong pagragasa ng pandemya.

Pinaasa ang mamamayan na ang *lockdown* at bakuna ang tanging solusyon sa pandemya. Hindi pinakinggan ang mungkahi ng sektor pangkalusugan sa siyentipikong pagharap sa pandemya gaya ng malawakang *mass testing, contact tracing,* pagtatayo ng mga dagdag na pasilidad pangkalusugan gaya ng *quarantine* at *isolation centers,*




*larawan mula sa facebook*

laboratoryo at iba pa. Imbes na dagdagan ang mga kama sa ospital, ibinaling sa mga pasyente ng COVID-19 ang mga kamang nakatalaga para sa ibang sakit. Kaya may mga nagtitiis na manatili sa kanilang mga sasakyan, sa mga *tents* o sa labas ng mga kwarto ng ospital upang magamot lamang.

Tinapyasan ang badyet sa kalusugan at edukasyon habang patuloy na pinalalaki ang badyet ng militar at pulis. Inamin mismo ni *contact tracing czar* at Baguio Mayor Benjamin Magalong na napakababa ng *performance* sa *contact tracing* sa buong bansa dahil sa maliit na badyet para pangsweldo sa dagdag na *contact tracers*. Dadalawa lamang ang *crematorium* sa Cordillera na pareho pang matatagpuan sa Baguio City kaya kapag may mga namamatay sa mga baryo ay ibinabalot na lang sa *plastic* ang bangkay bago ilibing.

Imbes na harapin ang kagalingang pangkalusugan ng mamamayan sa panahon ng pandemya, militarisasyon ang ipinapataw sa malawak na kanayunan. Malayang naglalabas-masok ang mga militar sa mga komunidad na animo'y hindi sila tatablan ng Covid-19. Inilalagay nila sa panganib ang kaligtasan ng mamamayang kulang na nga sa resistensya ang katawan, kapos na kapos pa sa serbisyong pangkalusugan. Sa paunang ulat ng mga yunit ng BHB sa Abra at Apayao, lumaganap ang epidemya ng sipon at ubo sa mga komunidad pagkatapos dumaan ang mga tropa ng AFP na nag-operasyon sa kanilang lugar.

Kulang na kulang ang mga pangkalusugang *frontliner* sa rehiyon. Ang kabaligtaran nito, buhos ang pwersa ng pasistang militar at kapulisan. Sa Mountain Province, Timog Abra at Ilocos pa lamang, limang batalyon ang ipinuwesto ng 5th ID at 7th ID. Hindi pa kasama rito ang 73rd Division Reconnaissance Coy (DRC). Nakapuwesto naman sa Sadanga, Mountain Province ang 53rd DRC. Gayundin na nakakalat ang mga operasyong Retooled Community Support Program (RCSP) sa iba't ibang bahagi ng Ilocos at Cordillera, na umaabot sa halos 57 na baryo, 23 na bayan at dalawang syudad. Sa Kalinga, 26 na barangay ang pinuwestuhan ng RCSP sa mga munisipyo ng Balbalan, Pinukpuk, Lubuagan, Pasil at syudad ng Tabuk. Sa Abra, 18 na barangay sa mga munisipyo ng Tubo, Luba, Tineg, Malibcong at Lacub ang pinuwestuhan. Sa Mountain Province, umaabot sa 13 barangay sa mga munisipyo ng Sagada, Besao, Bauko at Bontoc ang pinakatan. Sa Ilocos Sur, 11 bayan naman ang pinuwestuhan ng RCSP. Tuloy-tuloy ang pamemerwisyo sa mamamayan tulad ng pilit na pagpapasuko, pananakot, pagse-*census*, *red-tagging* sa mga organisasyon ng magsasaka at pagpapapirma ng mga pekeng deklarasyon ng *persona non grata* laban sa PKP at BHB gayundin sa mga lehitimong demokratikong organisasyon ng mga mamamayan. Sa loob ng dalawang taon, ilang beses na nagbomba ang AFP sa mga probinsya ng Mountain Province at Abra na hindi pa nga nakapagbakuna, ang binagsak ay bomba. Kung ihahambing ang ginastos ng gubyerno sa militarisasyon at mga pambobomba, malayong napakalaki nito kaysa sa mga ibinigay na ayuda at tulong sa mamamayan sa pagharap sa krisis pangkalusugan at krisis sa ekonomiya.



## Nagkukulang na ayuda

Ang inilalaan ng rehimen na pondo para sa ayuda ay hindi sumasapat at puno ng katiwalian. Malayong hindi sumasapat na gamitin ng mga apektadong mamamayan sa loob ng naitakdang panahon ng *lockdown* ang napakaliit na ayuda at mga *relief packs* na ibinibigay. Sa loob ng halos dalawang taon, iilang beses o wala pa ngang naipapamahaging ayuda para sa mamamayan. Ang malala pa, ginagamit ng ilang mga pulitiko ang *relief* para sa pamumulitika. Kung mayroon mang binibigyan ay pili, ang mga benepisyaryo ng 4Ps ay hindi na nabibigyan ng ayuda mula sa SAP. Ang iilang lata ng sardinas, mahigit isang salop na bigas, ilang putol ng sabon at iba pang aytem na nilalaman ng mga naipapamahaging *relief packs* ay para sa isang araw lamang na pangangailangan ng isang malaking pamilya. Hindi rin mapupunuan ng ₱4,500 na *social amelioration* o ayuda ang buwanang gastos ng isang pamilya para sa pagkain, pagpapagamot at iba pang pangangailangan. Sa ilang munisipyo sa Kalinga, kinailangan pang mag-abono ang mga lokal na gubyerno para lamang makumpleto ang ₱5,000 na ayudang ibibigay sa kanilang mga nasasakupan. Sa ilang mga munisipyo naman sa Abra, mas mababa pa kaysa sa ₱4,000 ang naibigay sa mga benepisyaryo. Tinatatakan rin ng JOY HELPS ang mga balot ng *relief*, na malinaw na pamumulitika sa bahagi ni Gov. Joy Bernos upang magkaroon ng utang na loob ang mga botante sa kanila. May mga *senior citizen* ring nakatanggap ng *spaghetti* mula sa opisina ng gobernadora, na nang kanilang buksan ay luma at binukbok na pala. Natuklasan sa pag-*audit* ng Commission on Audit nitong Hulyo na hindi naipamahagi ang halos ₱780 milyon na halaga ng pondo para sa ayuda. Umaabot sa 139,000 na benepisyaryo ang hindi nakakuha ng ayuda dahil sa dami ng mga rekisito at hindi patas na istandard. Dahil dito, pinagkaitan ng DSWD ng ayuda ang halos 14,200 na pamilya sa Cordillera; 4,762 sa Cagayan Valley; 28,978 sa Central Visayas; 45,609 sa Eastern Visayas at 45,751 sa Davao. Lumitaw rin ang anomalya sa pamimigay ng DSWD ng ayuda na nagkakahalaga ng ₱50 bilyon na idinaan sa kwestyonableng kumpanyang Star Pay.

Sa isang banda, ang paglitaw ng mga *community pantry* ng mga grupo ng simbahan, mga mapagkawanggawa, at indibidwal na inisyatiba ay nakapagbigay ng limitadong tulong na pagkain sa maraming komunidad. Patunay ito ng napakalalang pagpapabaya at kainutilan




***relief packs* sa Abra, minarkahan ng JOY HELPS**

ng rehimen. Ngunit sa halip na itaguyod ng gubyerno, pinasama pa ng NTF-ELCAC ang mga pagsisikap na ito sa pangre-*red tag* sa kanila.



***relief sa Malibcong, Abra***

Sa kabila ng itinatambol na bakuna ang solusyon, napakabagal naman ng pagbabakuna sa mamamayan. Dahil sobrang umaasa sa bakuna, walang seryosong pagsisikap na palakasin ang paggamit ng mga rekursong herbal ng Pilipinas tulad ng *virgin coconut oil,* lagundi at tawwa-tawwa bilang gamot sa Covid-19. Marso 2021 lamang dumating ang mga bakuna gayung isang taon nang lumalaganap ang pandemya. Pakonti-konti ang mga ipinapasok na dosis ng bakunang donasyon pa ang karamihan gayung may bilyun-bilyong pondong inutang ang nailaan para sa pagbili ng bakuna. Hindi rin mabilis ang kampanya ng mahusay na pagpapalaganap ng impormasyon kaugnay sa pagbabakuna kaya nananatili ang takot at alinlangan ng mamamayan. Kung sa mga rehiyon nga na nilalaanan ng malaking dosis ng bakuna ay mabagal ang pagbibigay ng bakuna, lalo na sa mga rehiyong hindi prayoridad gaya ng Ilocos-Cordillera. Mismong ang probinsya ng Cavite na napakalapit sa National Capital Region ay nagreklamong hindi sila nakatanggap ng bakuna mula Mayo-Hulyo 2021. Sa bagal ng pagdating ng mga dosis ng bakuna, malamang na hanggang sa susunod na taon pa ang paghihintay ng karamihan sa Ilocos-Cordillera na bukas nang magpabakuna. Maliwanag na hindi makakamit ngayong taon ang sinasabing *herd immunity* o proteksyon ng mas malawak na bahagi ng populasyon. Samantala, araw-araw ay nagpapatuloy ang paglaki ng kabuuang bilang ng mga nahawahan ng COVID-19 sa rehiyon.




*larawan mula sa facebook*

Habang patuloy ang pagmamakaawa ni Rodrigo Duterte sa US at China upang makahingi ng bakuna, ibinebenta naman nito ang bansa. Kapalit ng mga bakunang ibinibigay ng China ay mga isla ng bansang gaya ng West Philippine Sea. Dagdag na armas, kagamitang militar at pagpapatuloy ng mga ehersisyo militar naman ang kapalit ng pagbibigay ng US ng bakuna sa bansa.

## Inutil, traydor, sinungaling at mamamatay-tao ang rehimen

Marapat lamang na singilin at wakasan ang rehimeng Duterte sa mga krimen at kainutilan nito. Maliwanag na hindi ang Covid-19 ang pangunahing pumapatay sa mamamayan kundi ang bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal na pinalala ni Rodrigo Duterte. Ang pagnanakaw sa kaban ng bayan at sobrang pagpapakatuta sa kanyang mga imperyalistang amo ang nagdulot ng matinding paghihirap at pagdurusa ng mamamayan. Lalupang nagpapabigat sa binabalikat ng mamamayan ang kanyang walang awat na pangungutang sa mga imperyalistang bayan na mas nagpapahigpit sa kontrol ng mga ito sa pulitika at ekonomiya ng bansa. Ubos at said na ang pondo ng bayan dahil sa mga pusakal na magnanakaw na nasa kapangyarihan na pinamumunuan ng punong-kawatan na si Duterte kasama ang kawan ng mga masisibang buwitre at buwaya sa kabinete at kongreso, at walang kabusugang linta na mga heneral ng AFP-PNP na kanyang pangunahing binubundat bilang haligi ng kanyang pasistang paghahari.

Mahigpit siyang tumututol sa reporma sa lupa at pambansang industriyalisyon na siyang kalutasan sa malawak na kahirapan at atrasadong kalagayan ng malapyudal na ekonomiya ng bansa. Buong tapat siyang sunud-sunuran sa mga *neoliberal* na patakaran ng kanyang mga imperyalistang amo na nang-aagaw ng lupa ng magsasaka para sa pagpapalawak ng kanilang mga plantasyon at iba pang negosyo at para panatilihin ang ating bansa na tagasuplay ng murang lakas-paggawa at mga hilaw na materyales mula sa ating likas na yaman, tagasalo ng mga sobrang produkto at sobrang kapital at mapang-usurang pautang ng mga imperyalista.

Walang ibang ipapamana ang rehimen sa mamamayan sa kanyang pagbaba sa poder kundi mas matindi pang paghihirap. Hindi na matiis ng mamamayan na maikulong sa kanilang mga bahay na walang makain, walang perang pambayad at pambili ng mga serbisyo at bilihing kinakailangan. Wala nang aasahang makabuluhang ayuda mula sa bangkaroteng gobyerno laluna't kanyang harapang pandarambong sa kaban ng bayan ang ginagawa ng mga tiwaling pulitiko na naghahanda ng panggastos sa eleksyon sa susunod na taon. Kailanman, hindi nag-iisip ang mga papet na lider ng bansa sa paglutas sa krisis ng ekonomiya. Deka-dekada nang ipinakita ng kasaysayan na kahit walang pandemya, ang bawat presidente at kanyang buong paksyon ng naghaharing uri sa pagtatapos ng kanilang termino ay walang ibang pamana kundi lalo pang paglubog ng bansa sa mas matindi pang krisis habang sila ay bababa sa kapangyarihan na ilang milyon o bilyon pang mas yumaman. Tulad ng pagwakas sa paghahari ng mga sinundan niyang mga papet, korap at pasistang mga presidente na si Marcos at Estrada, makatarungan ang pagwawakas ng kanyang korap, papet at teroristang paghahari bago pa man mahalal ang papalit sa kanya. Kung gagawa naman ng iba pang masamang mga hakbangin ang mamatay-taong si Digong para mangunyapit sa poder, ngayong nalalapit na eleksyon, biguin ang tangka nitong ipagpatuloy ang paghahari sa pamamagitan ng kanyang mga tatakbong alipores.



*larawan mula sa facebook*

Kahit malala ang kapabayaan ng rehimen sa kabuhayan at kapakanan ng mamamayan, sa pamamagitan ng pagkakaisa at sama-samang pagkilos, kinaya nating harapin ang napakahirap

na kalagayan dulot ng pandemya, *lockdown*, kalamidad, pagbagsak ng kabuhayan at tuloy-tuloy na pagtindi ng pasistang kalupitan ng halimaw. Ang mga magsasaka ay nagsikap na magpaunlad sa kanilang pagsasaka sa pagpapataas ng produksyon, pagpapalawak ng sakahan para sa sapat na pagkain. Ang mga nadislokang mga mala-manggagawa mula sa mga sentrong bayan at sa ibang bahagi ng kanayunan ay bumalik sa baryo at muling nagsaka.

Malaking kahangalan ang panaginip ng halimaw na Digong na ganap na napatahimik niya ang mamamayan sa pamamagitan ng kanyang pasistang lagim. Tulad ng kanyang palpak na gera laban sa COVID-19, peke na madugong gera kontra-droga, bigo rin ang kanyang kasuklam-suklam na kontra-rebolusyonaryong gera laban sa mamamayan para kuno durugin ang rebolusyonaryong kilusan. Alam na alam niyang hindi epektibo ang panlilinlang, paninindak, pagpaslang, pagpapasuko, pambobomba sa ipinaglalaban na rebolusyonaryong reporma sa lupa ng uring magsasaka, ang pinakamarami sa ating populasyon na nasa gulugod ng malapyudal na ekonomiya. Makailang ulit nang ipinagyabang ng reaksyonaryong naghaharing pangkatin ng uring kumprador burgesya, PML at burukrata na nalinis na nila ang BHB sa Ilocos-Cordillera. Kasaysayan rin ang nagpatunay na sa loob ng 52 taon, hindi pa rin nila matalo-talo ang BHB dahil sa dakilang pambansa demokratiko at sosyalistang adhikain nito na mahigpit na yakap ng masa. Hanggang nanatiling hindi nababago ang bulok na sistema, hindi mapipigilan ang pag-abante ng armadong pakikibaka na isinusulong ng BHB, ang hukbong magsasaka na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Sa harap ng pandemya, matapang at mapanlikhang hinarap ng mga yunit ng BHB at mga organisasyon masa sa rehiyon ang mga hamon at problema. Bilang bahagi ng mga tungkulin sa armadong pakikibaka, pagbubuo ng baseng masa at paglulunsad ng armadong rebolusyon, naharap ang pagbibigay ng mga serbisyo, kampanya at pagsasanay pangkalusugan at ang pagpapalakas ng produksyong pagkain, kasabay ng mga kampanyang pagpapatupad ng mga minimum na programa ng rebolusyong agraryo. Gayundin na lumilitaw ang iba't ibang mga malikhaing pamamaraan ng pagtutulungan at paghahayag ng protesta sa kalunsuran at sentrong bayan.

Sa mga huling buwan ng paghahari ni Duterte, nararapat lamang na mas higit tayong magpunyagi sa pagsusulong ng armadong pakikibaka at mga iba't ibang porma ng pakikibakang masa sa anumang mapanlikhang paraan na ipapahintulot ng kalagayan. Walang ibang aasahang solusyon sa krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema kundi ang pagtatagumpay ng digmang bayan at pagtatayo ng sosyalistang lipunan.



Gumamit tayo ng
# halamang-gamot
## TURMERIC



Ang turmeric ay kilala sa pangalang luyang dilaw, kuneg at Indian saffron. Ang siyentipikong pangalan nito ay Curcuma longa. Ang halamang ito ay nagmula sa India. Ang Sangli, isang bayan sa estado (o rehiyon) ng Maharashtra sa India ang siyang sentro ng produksyon at bilihan ng turmeric sa buong mundo.

Ang turmeric ay inilalahok sa pagkain tulad ng *curry* na ulam. Ito din ang ginagamit ng mga monghe para kulayan ng dilaw ang kanilang damit.

Ang pangunahing kemikal na nilalaman ng turneric ay ang CURCUMIN na kilala bilang napakabisang pampahupa ng pamamaga. Ito ay epektibo din laban sa bakterya at alipunga (fungus).

**Bilang gamot, may tatlong pamamaraan ng paghahanda sa turmeric:**

**1. Katas** – Tadtarin nang pino ang turmeric at pagkatapos ay pigain para lumabas ang katas nito.
**2. Pulbos** (powder) – Tadtadin nang pino ang turmeric. Patuyuin ito sa kawali gamit ang mahinang apoy, o ibilad sa init ng araw. Pagkatapos ay bayuhin o i-blender ito hanggang maging pulbos.
**3. Paste** (pampahid) – Paghaluin ang 1 bahaging turmeric powder at 2 bahaging tubig. Pakuluan ito, habang tuloy-tuloy na hinahalo. Hintaying maging malapot.

### Mga sakit na ginagamot ng turmeric:

**1 Problema sa pagtunaw ng pagkain**
Pinapadami ng turmeric ang BILE na nilalabas ng apdo. Ang *bile* ay kemikal na pantunaw ng taba o *cholesterol*. Pinapalakas din nito ang paggalaw ng bituka para mas epektibong magiling ang pagkain.

Habang nasa bituka, nilalabanan din ng turmeric ang mga di kanais-nais na bakterya at fungus. Sa ganitong paraan, nililinis ng turmeric ang bituka. Nagagamot nito ang pabalik-balik na pagtatae at madalas na pag-utot. Pinoprotektahan din ng turmeric ang atay laban sa epekto ng alkohol at mga kemikal na nasa pagkain.

Ihalo ang 1 kutsarang katas ng turmeric o ½ kutsarang turmeric powder sa 1 basong tubig o gatas at inumin minsan hanggang 3 beses sa isang araw. Puwede ding ihalo na lamang ang ganito ding kadami ng turmeric sa pagkain sa araw-araw. Sa umpisa ng regular na pag-inom o pagkain ng turmeric ay posibleng makaranas ng pagtatae nang 1-2 araw. Ito ay bahagi ng epekto



ng turmeric na nililinisan ang bituka.

**2 Rayuma**
Batay sa mga pag-aaral, ang turmeric ay kasimbisa ng CELECOXIB – isang mamahaling gamot laban sa kirot at pamamaga.

Kumuha ng 4 na piraso ng turmeric (na sinlaki

ng hinlalaki ng daliri ang bawat isa). Tadtarin nang pino ang turmeric saka pakuluan sa 2 basong tubig. Hayaan itong kumulo nang 30 minuto.

Uminom ng 3 hanggang 4 na baso ng pinakuluang turmeric araw-araw. Ang epekto nito ay posibleng di pa makikita hanggang umabot ng 2 linggo ang pag-inom.

Ang naiwang buo-buong turmeric ay puwede pang gamitin muli nang minsan para muling makakuha ng sabaw nito. Pagkatapos ay ihalo na lamang ang naiwan pang buo-buong turmeric sa pagkain.

**3 Sakit sa balat**

Ang turmeric ay mabisa laban sa scabies (galis-aso), alipunga, buni o ringworm (isang porma ng alipunga sa balat) at iba pang sakit ng balat.

**a. scabies** (galis-aso)

Ang scabies ay sakit na dulot ng maliliit na kuto na naninirahan sa balat ng tao at sa mga damit, kumot at tuwalya. Pami-pamilya ang karaniwang nagkakahawahan. Sa isang pag-aaral, ginamit ang turmeric paste na may halong dahon ng *neem* (isa pang halamang-gamot) laban sa scabies. Gumaling ang 97 porsyento ng 814 pasyente sa loob ng 3 hanggang 15 araw na pagpahid ng turmeric paste.

Para makagawa ng turmeric paste, gumawa muna ng turmeric powder (Tignan sa itaas.). Ang bawat 1 kutsarang powder ay haluan ng 2 kutsarang tubig – ito ang tinatawag na turmeric paste. Ang aktuwal na dami ng paste na magagamit ay ibatay sa laki ng pasyenteng may scabies.

Ipahid ang paste sa buong katawan, lalo na sa mga bahaging may kagat o sugat. Iwan sa balat nang 15 minutos bago magbanlaw (nang walang sabon). Normal na mananatiling kulay dilaw (yellow) ang balat pero huwag mag-alala dahil matatanggal din ang paninilaw pagkatapos maligo nang ilang beses.



Sa mga taong may dati nang *allergy* na lumalabas sa balat, subukan munang ipahid ang turmeric paste sa likod ng kamay. Kung hindi mangati, mamula o magpantal ang balat, puede nang ipahid ang turmeric sa buong katawan.

**Ibang kaakibat na hakbang sa paggamot ng scabies:**

- Pinakamainam na sabay-sabay ang paggamot sa scabies ng buong pamilya. Kung may isang di nagamot, posibleng muli niyang mahawa ang ibang miyembro ng pamilya.
- Ang kuto ng scabies ay naninirahan sa mga damit. Maghanda ng bagong labang damit, tuwalya, punda ng unan at kumot na siyang gagamitin pagkatapos ng gamutan sa unang araw. Ang mga damit, kumot at iba pa na hindi nalabhan ay labhan muna bago gamiting muli. Pinakamainam na mainit na tubig ang pangbanlaw sa mga labada o kaya ay patuyuin ang labada sa malakas na init ng araw.

**b. Pigsa**

Pahiran ng turmeric paste ang pigsa para mabilis itong mahinog at maghilom. Puede ding ihawin ang ilang pirasong turmeric. Ang abo nito ay ihalo sa 1 tasang tubig. Ipahid ito sa pigsa.

**k. Kagat ng insekto**

Paghaluin ang turmeric powder at katas ng maasim na prutas. Ipahid ito sa bahaging nakagat ng insekto. Ginagamit din ito sa India para sa kagat ng linta.

**d. Alipunga at buni (**ringworm**)**

Ang katas ng turmeric ay ipinapahid sa apektadong bahagi ng katawan. Kasabay nito, uminom ng katas na nahaluan ng honey.

**4 Bulate**

Gumamit ng 20 patak ng katas ng turmeric na hinaluan ng konting asin. Inumin pagkagising sa umaga sa loob ng ilang araw.

## 5 Ubo at iba pa

**a. Ubo at sakit ng lalamunan**

Uminom ng ½ kutsaritang tinadtad na turmeric. Puede din itong ihalo sa gatas o pakuluan muna sa gatas.

**b. Sipon**

Kung may sipon at barado ang ilong, lumanghap ng sinusunog na turmeric. Papadaliin nito ang paglabas ng uhog.

**k. Asthma**

Uminom ng 1 kutsarang powder 2 o 3 beses araw-araw. Pinakamainam na walang laman ang tiyan kapag ininom ito.

Kung nagsisimulang umatake ang asthma at nahihirapang huminga, uminom ng ¼ kutsarita ng pinulbos na turmeric at isunod ang pag-inom ng maligamgam na tubig.

### IBA PANG GAMIT NG TURMERIC:

- Sa Peru ang turmeric ay pinapainom sa mga pasyenteng may AIDS (Acute Immune Deficiency Syndrome). Natuklasang pinapabagal nito ang pagdami ng virus na sanhi ng AIDS.
- Ang turmeric ay mabisang panlaban sa kanser ng bituka, pantog (urinary bladder), cervix at uterus. Pinapabagal din nito ang pagkalat ng kanser ng suso.
- Sa mga may sakit sa puso, nakakatulong ang turmeric sa paghilom ng muskulo ng puso.
- Sa mga may diabetes na nagkaroon na ng kumplikasyon sa bato (kidneys), tumutulong ang turmeric sa pagpapabuti ng paggana ng bato.
- Ang turmeric ay nakakatulong din sa mga sakit sa utak na dulot ng pamamaga ng mga bahagi ng mga nerbo, tulad ng Alzheimer's disease at Parkinson's disease.

**PAALALA:**

Ang turmeric ay BAWAL SA BUNTIS AT NAGPAPASUSONG INA dahil pinapahilab nito ang uterus.



## 6 Lagnat

Ang dahon ng turmeric ay ginagamit sa Cambodia bilang pampababa ng lagnat. Pagsamahin ang 1 tasang natadtad na dahon at 2 tasang tubig. Pakuluan ito hanggang 1 tasang sabaw ang maiwan. Ang 1 tasang sabaw ay hatiin sa 3 inuman. Inumin ang isang bahagi tuwing nilalagnat.

## 7 Pilay (sprain)

Paghaluin ang turmeric paste, asin at katas ng maasim na prutas. Ipahid ito sa bahaging napilay.

## 8 Sakit ng ngipin

Pakuluan ang 1 kutsaritang turmeric powder at 2 dahon ng bayabas sa konting tubig. Ipang-mumog ito.

Alternatibong paggamit: Ihawin ang turmeric. Imasahe ito sa gilagid na namamaga.

## 9 Anemia (pamumutla)

Ang turmeric ay mayaman bitamina na IRON (ferrous). Uminom ng 1 kutsarang katas araw-araw.

### PARAMIHIN NATIN ANG TURMERIC

Pinakamainam na ang turmeric ay itinatanim na may 7.5 cm ang lalim. 15 cm dapat ang distansya sa pagitan ng bawat tanim. (Ang 7.5 cm ay katumbas ng haba ng daliring hintuturo. Ang 15 cm ay katumbas ng isang dangkal.) Pinakamahusay na itanim ang turmeric sa pagsisimula ng tag-ulan o isabay sa pagtatanim sa mga kaingin.